



Magsaliksik Tungkol sa Kawanggawa
Magkano ang napupunta sa kawanggawa?
Alamin ang mga marka/iulat
Huwag na huwag magbabayad sa pamamagitan ng gift card o wire transfer

Kapag nagpasya kang suportahan ang isang adhikaing may malasakit ka, nais mong magamit ang iyong donasyon. Ang paggawa ng ilang pananaliksik at pagpapalano ng iyong ibibigay ay makakatulong sa pagsisigurong ang iyong mga donasyon ay mapupunta kung saan ito makakagawa ng mabuti. Narito ang mga tips na makakatulong sa iyong planuhin ang iyong donasyon- at maiwasan ang mga scam.

Gumawa ng ilang pananaliksik online

- Naghahanap ng kawanggawang susuportahan? Magsaliksik ng adhikaing may malasakit ka – gaya ng “tulong sa bagyo” o “mga batang walang tirahan” – at ang mga katagang kagaya ng “best charity (pinakamahusay na kawanggawa)” o “highly rated charity (kawanggawang may mataas na marka).”
- Kapag isinasaalang-alang mo ang isang partikular na kawanggawa, hanapin ang pangalan nito at ang “complaint (reklamo),” “review (pagrerepaso),” “rating (marka),” o “scam.”
- Gamitin ang [mga organisasyong ito](#) upang matulungan kang manaliksik ng mga kawanggawa.

Mag-ingat sa paraan ng iyong pagbabayad

- Kung may isang taong humihingi ng mga donasyon sa pamamagitan ng cash, gift card, o pagpapadala ng pera, huwag itong gawin. Sa ganoong paraan hinihiling ng mga scammer na magbayad ka.
- Upang maging mas ligtas, magbayad sa pamamagitan ng credit card o tseke.



- Isang mabuting gawain ang pagpanatili ng rekord ng lahat ng donasyon. At masusing pag-aralan ang iyong mga statement upang masigurong sinisingil lamang sa iyo ang sinang-ayunan mong ibigay – at hindi ka naka-sign up sa paulit-ulit na donasyon.
- Bago mo i-click ang link upang magbigay ng donasyon online, siguraduhing kilala mo ang tumatanggap ng iyong donasyon. Basahin ang *Pagbibigay ng Donasyon sa Pamamagitan ng Portal sa Pagbibigay Online (Donating Through an Online Giving Portal)* para sa higit pang impormasyon.

Laging isaisip ang mga paraan ng panlilinlang ng mga scammer

- Huwag pahintulutan ang sinumang madaliin ka sa pagbibigay ng donasyon. Iyon ang gawain ng mga scammer.
- Sinusubukan ng ilang scammer na linlangin kang bayaran sila sa pamamagitan ng pagpapasalamat sa donasyong hindi mo kailanman ibinigay.
- Maaaring baguhin ng mga scammer ang caller ID upang palabasing galing ito sa isang lokal na area code.
- Ginagamit ng ilang scammer ang mga pangalang katunog ng mga pangalan ng mga tunay na kawanggawa. Ito ang isang dahilan kung bakit makakabuting gumawa ng ilang pananaliksik bago magbigay.
- Ang ilang scammer ay gumagawa ng maraming hindi malinaw at sentimental na pahayag ngunit hindi nagbibigay ng anumang espesipikong impormasyon sa kung paano gagamitin ang iyong donasyon.
- Maaaring ipahayag ng mga pekeng organisasyon na ang iyong donasyon ay maibabawas sa buwis gayong hindi ito totoo.
- Ang paggagarantiya ng mga pagkapanalo sa sweepstake bilang kapalit ng donasyon ay hindi lamang isang scam, ito ay ilegal.

Kung nakakakita ng anumang babalang palatandaan, o kung hindi ka sigurado sa kung paano gagamitin ng kawanggawa ang iyong donasyon, isaalang-alang ang pagbibigay sa ibang kawanggawa. Mayroong maraming karapat-dapat na organisasyong gagamitin ang iyong donasyon sa wastong paraan.

Iulat ang mga scam sa [ftc.gov/complaint](https://www.ftc.gov/complaint). Hanapin ang tagapangasiwa sa kawanggawa sa iyong estado sa [nasconet.org](https://www.nasconet.org) at mag-ulat din sa kanila. Ibahagi ang



anumang impormasyong mayroon ka – gaya ng pangalan ng organisasyon o tagalikom ng pondo, numero ng telepono, at kung ano ang sinabi ng tagalikom ng pondo.

Mga organisasyong makakatulong sa iyong manaliksik ng mga kawanggawa

Ang mga organisasyong ito ay naghahandog ng mga ulat at rating tungkol sa kung paano ginagasta ng mga organisasyong pangkawanggawa ang mga donasyon at kung paano nila isinasagawa ang negosyo:

- [BBB Wise Giving Alliance](#)
- [Charity Navigator](#)
- [CharityWatch](#)
- [GuideStar](#)

Ipinapaalam sa iyo ng [Paghahanap ng Organisasyong may Iksemsyon sa Buwis \(Tax Exemption Organization Search\)](#) ng IRS kung ang iyong donasyon ay maaaring ibawas sa buwis ang iyong donasyon.

Mahahanap mo ang tagapangasiwa sa kawanggawa sa iyong estado sa [nasconet.org](#). Karamihan sa mga estado ay nag-aatas sa kawanggawa o tagalikom nito ng pondo na magparehistro upang makahingi ng mga donasyon.